



Pagsusuri at paggamot sa COVID-19

Kahit na wala kang visa, o hindi sigurado tungkol sa katayuan ng iyong visa, dapat mong sundin ang mga tagubilin sa pampublikong kalusugan. Kung masama ang iyong pakiramdam, humingi ng medikal na atensyon at magpasuri para sa COVID-19.

Nag-aalok ang mga gobyerno ng estado at teritoryo ng libreng pagpapasuri at paggamot sa COVID-19.

- [Australian Capital Territory](#)
- [New South Wales](#)
- [Northern Territory](#)
- [Queensland](#)
- [South Australia](#)
- [Tasmania](#)
- [Victoria](#)
- [Western Australia](#)

Mga pagsusuring medikal ng imigrasyon sa Victoria

Dahil sa mga karagdagang paghihigpit dulot ng COVID-19, pansamantalang itinigil ang lahat ng Pagsusuring Medikal ng Imigrasyon sa Victoria. Susuriin ito alinsunod sa mga karagdagang anunsyo ng [pampublikong kalusugan](#).

Mayroon akong Visitor visa o Electronic Travel Authority (ETA)

Pinapayagan lamang ng mga visitor visa at ETAs ng pansamantalang pamamalagi sa Australia. Kung hindi mo masuportahan ang iyong sarili habang nasa Australia, dapat mong isaayos ang pag-alis, kung kaya mo. Hindi mo na kailangang mag-apply ng pahintulot sa pagbibiyaha para umalis sa Australia.

Kung hindi ka makauwi sa iyong bansang pinagmulan, kailangan mong magkaroon ng may bisang visa at humingi ng medikal na payo kung kinakailanan.

Pag-ala kung mawawalan na ng bisa ang aking visa

Awtomatikong mawawalan ng bisa ang iyong visitor visa o ETA kapag nasa Australia ka pa sa pagtatapos ng panahon ng iyong pinayagang pamamalagi.

Maaari mong alamin ang:

- mga detalye ng iyong visa sa [VEVO](#), sa [myVEVO app](#), sa sulat na nagkaloob ng iyong visa o sa iyong [ImmiAccount](#).
- pag-expire at mga kondiyon ng iyong ETA sa pamamagitan ng serbisyo na [Check an ETA](#).

Tandaan: Kung umalis at bumalik ka sa Australia sakay ng isang roundtrip cruise, ang panahong ginugol mo sa cruise ay kabilang sa panahong inilagi mo sa Australia - kung gayon, hindi namin itinuturing na umalis ka sa Australia. Hindi ire-reset ng isang round trip cruise ang panahon ng iyong pamamalagi sa iyong visa. Itanong sa iyong operator ng cruise o ahente sa pagbibiyahe kung itinuturing na isang round trip cruise ang iyong cruise.

Pagbibigay ng palugit sa aking visa

Ayon sa batas sa migrasyon ng Australia, hindi posible na magbigay ng palugit sa isang Visitor visa o ETA.

Kailangan mong mag-apply ng bagong visa bago mag-expire ang iyong kasalukuyang visa.

Sa maraming kaso, kung hindi mo kayang suportahan ang iyong sarili, puwede kang mag-apply na manatili sa Australia bilang isang [Bisita \(tourist stream\)](#). Kung nag-apply ka na ng bagong Visitor visa sa Australia, tingnan ang [mga kaayusan sa pagpoproseso ng Visitor Visa](#).

Kung mag-e-expire na ang iyong Visa, hindi ka nakauwi dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyahe at hindi mo matugunan ang mga kinakailangan para sa isa pang visa, maaaring karapat-dapat ka para sa [COVID-19 Pandemic event visa](#). Kakailanganin mong ipakita kung bakit hindi ka makatugon sa mga kinakailangan ng isa pang visa, kabilang ang Visitor visa. Puwedeng kabilang dito ang isang pahayag o katunayan na wala kang access sa sapat na pondo para makapagbayad ng karagdagang singilin sa aplikasyon ng visa (visa application charge, VAC).

Puwede mo ring [tingnan ang iyong mga opsyon sa iba pang visa](#).

Pag-a-apply ng bagong visa

Hinihikayat namin kayong mag-apply:

- kung maaari, sa [ImmiAccount](#)
- hindi mas maaga nang 4 na linggo bago mawalan ng bisa ang iyong kasalukuyang visa.

Kapag nag-apply ka ng bagong visa, maaari kang mapagkalooban ng Bridging visa na pananatilihin kang legal sa Australia hanggang makapagdesisyon sa iyong aplikasyon ng visa.

Kung may kalakip na 'walang karagdagang pamamalagi na kondisyon' sa iyong visa, bago ka mag-apply ng isa pang visa, kakailanganin mong [humiling ng waiver ng kondisyong ito](#).

Kung nag-expire na ang iyong visa, tingnan ang [Nag-expire na ang aking visa](#).

Pagtatrabaho

Hindi pinapayagang magtrabaho sa Australia ang mga may-ari ng visitor visa at ETA.

Mga kondisyon ng visa

Kinikilala ng Departamento na maaaring pinipigilan ng mga paghihigpit sa pagbibiyahé dulot ng COVID-19 ang ilang internasyonal na bisita na makaalis sa Australia ayon sa plano o makatugon sa mga kondisyon ng kanilang visa. Isasaalang-alang namin ito kapag pinag-iisipan ang anumang aplikasyon sa hinaharap para tiyakin na hindi ka naapektuhan ng mga sitwasyon na hindi mo kayang kontrolin.

Maaaring ilapat ang sumusunod na kondisyon sa visa sa mga may-ari ng Visitor visa sa Australia.

Walang Karagdagang pamamalagi na Kondiyon (kasama ang 8503, 8534 at 8535)

Kung mayroon kang visa na may Walang Karagdagang pamamalagi na kondisyon, hindi ka puwedeng mag-apply ng karamihan sa iba pang visa sa Australia maliban kung na-waive ang kondiyon.

Kung gusto mong mag-apply ng isa pang visa at mawawalan ng bisa ang iyong visa sa loob ng wala nang 4 na linggo, kailangan mong [humiling na i-waive ang kondisyong ito](#).

Kung naaprubahan ang iyong kahilingan, kailangan mong mag-apply ng bagong visa bago mag-expire ang iyong kasalukuyang visa.

Kondisyon 8531 (hindi dapat manatili sa Australia pagkatapos ng panahon ng pamamalagi)

Hindi puwedeng i-waive ang kondisyong ito, ngunit hindi ka nito pipigilan na mag-apply ng karagdagang visa.

Kung mayroon kang visa na may kondisyon 8531, dapat kang mag-apply ng bagong visa bago mag-expire ang kasalukuyan mong visa.

Kondisyong 8558 (hindi puwedeng manatili sa Australia nang mahigit sa 12 buwan sa alinman sa 18-buwang panahon)

Hindi puwedeng i-waive ang kondisyong ito, ngunit hindi ka nito pipigilan na mag-apply ng karagdagang visa.

Kung mayroon kang visa na may kondisyon 8558, dapat kang mag-apply ng karagdagang visa bago mag-expire ang kasalukuyan mong visa.

Awtomatikong mawawalan ng bisa ang iyong visa kung nasa Australia ka pa rin sa pagtatapos ng panahon ng iyong pinahintulutang pamamalagi.

Hindi awtomatikong mawawalan ng bisa ang iyong visa kung namalagi ka sa loob ng pinagsamang panahon na mahigit sa 12 buwan sa isang 18-buwang panahon (hangga't hindi ka lumalampas sa panahon ng iyong pamamalagi sa alinmang pagbisita).

Mga kaayusan sa pagpoproseso ng Visa

Dahil sa COVID-19, naapektuhan ang panahon sa pagpoproseso ng ilang visa at maaaring mas tumagal ang pagsasapinal ng mga aplikasyon.

Kapag nag-apply ka ng Visitor visa sa Australia, bibigyan ka ng Bridging visa. Kung nag-expire na ang iyong kasalukuyang visa bago kami magdesisyon sa iyong aplikasyon, magsisimula ang iyong Bridging visa. Titiyakin nito na mananatili kang legal.

Puwede kang manatili sa Australia gamit ang Bridging visa habang pinoproseso namin ang bago mong aplikasyon ng visa. Maaati kang makaranas ng mga pagkaantala sa pagkuha ng abiso sa pagkakaloob ng iyong Bridging visa. Kung nag-apply ka ng bagong Visitor visa bago mag-expire ang iyong kasalukuyang visa, hindi ka dapat mag-alala tungkol sa iyong legal na katayuan kahit pa hindi kami nagpadala sa iyo ng abiso sa pagkakaloob ng iyong Bridging visa.

Sasabihin namin sa iyo kung kailangan namin ng higit pang impormasyon o kung nakapagdesisyon na kami.

Kung umalis ka sa Australia bago kami nakapagdesisyon, puwede mong bawiin ang iyong aplikasyon.

para tingnan ang mga mensahe galing sa amin, i-update ang iyong mga detalye, sabihin sa amin kung nagkamali ka o bawiin ang iyong aplikasyon, gamitin ang iyong [ImmiAccount](#).

Mga pagkagambala ng serbisyo

Maaaring naapektuhan ng COVID-19 ang ilang serbisyong kaugnay ng proseso ng aplikasyon ng visa at maaaring pansamanatalang hindi available ang ilang serbisyong maaari nating maasahan (tulad ng mga medika na pagsusuri). Bibigyan ka ng karagdagang panahon para kumpletuhin ang mga pagsusuri at ibigay ang hiniling na impormasyon kung ganoon ang kaso.

Pagbibigay ng higit pang impormasyon

Kung hiniling sa iyo na magbigay ng higit pang impormasyon, ipadala sa aming ang hiniling na impormasyon sa lalong madaling panahon sa iyong [ImmiAccount](#).

Kung hindi ka makapagbigay ng impormasyon sa loob ng itinakdang panahon, i-upload ang iyong paliwanag sa iyong [ImmiAccount](#). Isasaalang-alang namin ang mga pagkagambala ng serbisyo kapag pinoproseso ang iyong aplikasyon ng visa. Muli kaming makikipag-ugnayan sa iyo kung kailangan pa ng karagdagang impormasyon bago magdesisyon sa iyong aplikasyon.

Pagkuha ng appointment para sa mga pagsusuri ng kalusugan

Sasabihin namin sa iyo kung kailangan mong sumailalim sa mga pagsusuri ng kalusugan para sa iyong visa. Kung hindi ka nakakuha ng appointment sa Bupa Medical Visa Services sa loob ng hiniling na takdang panahon para tumugon, o kung nakansela ang iyong appointment:

- Mag-upload ng paliwanag sa iyong ImmiAccount
- Kung maaari, kumuha ng appointment sa susunod na available na petsa
- Sa sandaling nakakuha ka na ng appointment, ipaalam sa amin ang iyong nakaiskedyul na appointment sa pamamagitan ng iyong [ImmiAccount](#).

Isasaalang-alang namin ang mga pagkagambala ng serbisyo o mga pagsasara kapag pinoproseso ang iyong aplikasyon ng visa. Muli kaming makikipag-ugnayan sa iyo kung kailangan pa ng karagdagang impormasyon bago magdesisyon sa iyong aplikasyon.

COVID-19 Pandemic event visa

Kung mag-e-expire na ang iyong Visa, hindi ka nakauwi dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha at hindi mo matugunan ang mga kinakailangan para sa isa pang visa, maaaring karapat-dapat ka para sa [Temporary Activity \(Subclass 408\) Australian Government Endorsed Event stream \(COVID-19 Pandemic event visa\)](#).

Kakailanganin mong ipakita kung bakit hindi ka makatugon sa mga kinakailangan ng isa pang visa. Puwedeng kabilang dito ang isang pahayag o katunayan na wala kang access sa sapat na pondo para makapagbayad ng higit pang singil sa aplikasyon ng visa (visa application charge, VAC).

Kung mayroon kang walang karagdagang pamamalagi na kondisyon, kailangan mo itong ipa-waive bago ka makapag-apply ng COVID-19 Pandemic event visa.